

# MAY KARAPATAN TAYO!

Mahalagang malaman o matuklasan ng isang tao ang kanyang mga karapatan dahil ang **karapatan** ay katumbas na ng buhay ng isang tao, ito ay nararapat na matamasa ng isang mamamayan ng lipunan bilang kasapi nito, at higit sa lahat, ang mga karapatan ang magliligtas at makakatulong sa tao upang mamuhay ng payapa at may kabuluhan. Ang mga sumusunod na Artikulo ay hango sa **1987 Konstitusyon ng Pilipinas.**

## Artikulo III (Katipunan ng mga Karapatan), Seksyon 1

**"Hindi dapat alisan ng buhay, kalayaan, or ari-arian ang sino mang tao nang hindi kaparaanan ng batas, ni pagkaitan ang sino mang tao ng pantay na pangangalaga ng batas."**

- Ang pagmamandato ng pagsusuot ng facemask at faceshield na wala namang sapat na batayang siyentipiko, at ang "mandatory vaccination" o pagmamandato ng experimental na bakuna bilang requirement sa trabaho, travel, atbp. ay malinaw na paglabag sa karapatang pantao. Ang mga tao ay may karapatang magpili ng kung ano ang mas makabubuti para sa ating kalusugan at katawan.
- Ang pagkakait sa kalayaan ng mga tao dahil sa lockdown na ito na walang sapat na batayang siyentipiko ay isang paglabag sa karapatang pantao.

## Artikulo III (Katipunan ng mga Karapatan), Seksyon 2-3

***SEKSYON 2.*** **"Ang karapatan ng mga taong-bayan na magkaroon ng kapanatagan sa kanilang sarili, pamamahay, papeles at mga bagay-bagay laban sa hindi makatwirang paghahalughog at pagsamsam sa ano mang layunin ay hindi dapat labagin..."**
***SEKSYON 3.*** **"Hindi dapat labagin ang pagiging lihim ng komunikasyon at korespondensya maliban sa legal na utos ng hukuman, o kapag hinihingi ang naiiba ng kaligtasan o kaayusan ng bayan ayon sa itinatakda ng batas."**

- Ang dalawang seksyon na ito ay ipinagtatanggol ang ating karapatan sa privacy. Ang QR code na ginagamit sa contact tracing ay malinaw na paglabag sa 2 seksyon na ito ng ating Konstitusyon. Sa paggamit mo ng QR code, inilalahad mo ang iyong mga personal na impormasyon.
- Pinoprotektahan ng Seksyon 2 ang mga tao mula sa "unjustified restraint" o paglimita sa paggalaw ng mga tao na walang sapat na batayan. Kapag pumasok sa isang establisyimento (supermarket, mall, airport, atbp.) at hinanapan ng QR code o vaccination card, ito ay paglilimita sa inyong paggalaw at ang karapatan ng tao sa paghahanapbuhay.

## Artikulo III (Katipunan ng mga Karapatan), Seksyon 4

**"Hindi dapat magpatibay ng batas na nagbabawas sa kalayaan sa pananalita, pagpapahayag, o ng pamahayagan, o sa karapatan ng mga taong-bayan na mapayapang magkatipon at magpetisyon sa pamahalaan upang ilahad ang kanilang mga karaingan."**

- Bilang mga mamamayan ng Pilipinas, karapatan natin ang malayang pagsasagawa ng mapayang pagprotesta at pagpapahayag ng mga hinaing o saloobin sa ating gobyerno. Nasa tao ang tunay na kapangyarihan dahil tayo ay isang demokratikong bansa, at tayo ang gobyerno.

## Artikulo III (Katipunan ng mga Karapatan), Seksyon 5

**"Hindi dapat magbalangkas ng batas para sa pagtatatag ng relihyon, o nagbabawal sa malayang pagsasagamit nito. Dapat ipahintulot magpakailanman ang malayang pagsasagamit at pagtatamasa ng paghahayag ng relihiyon at pag-samba nang walang pagtatangi o pamimili. Hindi dapat kailanganin ang pagsusulit panrelihyon sa pagsasagamit ng mga karapatang sibil o pampulitika."**

- Karapatan nating magsagawa ng mga religious gatherings o pagtitipon, o pagsamba sa ating mga sambahan, anuman ang ating kinabibilangang relihiyon. Ang pagsasarado sa mga simbahan at pagtigil sa mga aktibidad sa simbahan ay paglabag sa Seksyon na ito ng ating Konstitusyon.

## Artikulo II (Pahayag ng mga Simulain at mga Patakaran ng Estado), Seksyon 11

**"Pinahahalagahan ng Estado ang karangalan ng bawat tao at ginagarantyahan ang lubos na paggalang sa mga karapatang pantao."**

- Hindi ginagalang ang karangalan ng tao kung tayo ay labis na tinatakot sa pamamagitan ng propaganda at mga minamandato tulad ng lockdown, paggamit ng facemask at faceshield, at mandatory vaccination. Ang mga ito ay simbolo ng "submission" o pagsunod sa mga mapaniil na kumokontrol ngayon sa ating bansa at sa buong mundo.

## Artikulo II (Pahayag ng mga Simulain at mga Patakaran ng Estado), Seksyon 15

**"Dapat itaguyod at pangalagaan ng Estado ang karapatan sa kalusugan ng mga mamamayan at ikintal ang kamalayang pangkalusugan sa kanila."**

- Maraming pagsasaliksik na ang ginawa ng mga siyentipiko na magpapatunay na nakakasama sa kalusugan ang matagal na pagsusuot ng *facemask*. Ang propaganda ng pananakot, fake news na kasabay ng lockdown ay nagdadala ng takot sa mga tao. Kapag mahina ang kalugusan ng mga tao, mas madaling magkaroon ng mga sakit.
- Ang pamahalaan ay dapat bukas sa iba pang maaaring lunas at mga natural na solusyon sa pandemyang ito, at binibigyan ang tao ng kalayaang mamili ng ano ang mas makabubuti sa kanilang kalusugan.

**Merong basehang legal para itigil ang mga mapang-abusong lockdowns.** Kailangan natin itong alamin dahil ito ay pinapakita ang kawalan ng katarungan sa pagpatupad ng mga lockdown.

## Artikulo VI (Ang Kagawarang Tagapagbatas), Seksyon 23.2

**Sa mga panahon ng digma o iba pang pambansang kagipitan, ang Kongreso, sa pamamagitan ng batas, ay maaaring mag-awtorisa sa Pangulo, <u>sa isang natatakdaang panahon (limited period) at sa ilalim ng mga paghihigpit na maaaring ilagda nito</u>, na gumamit ng mga kapangyarihang kinakailangan at naaangkop upang isagawa ang idiniklarang pambansang patakaran. Matangi kung bawiin nang lalong maaga sa pamamagitan ng kapasyahan ng Kongreso, ang gayong kapangyarihan ay mawawala sa susunod na pagtitindig ng pulong.**

- Limitadong panahon lamang maaaring ipatupad ang mga restriksyon ayon dito. Limitado ang emergency powers ng Pangulo hanggang 6 months.

## Artikulo XV (Edukasyon, Siyensya at Teknolohiya, mga Sining, Kultura, at Isports), Seksyon 1

**"Dapat pangalagaan at itaguyod ng Estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ang gayong edukasyon."**

- Paano maitataguyod ang "quality education" kung napipilitang manatili sa bahay ang mga bata at mag distance learning? Napakaraming reklamo nang naipopost sa Facebook tungkol sa hindi pagiging praktikal ng distance at online learning.
- Paano magiging bukas ang edukasyon para sa lahat kung hindi lahat ng pamilya ay may kakayahang mag online learning. Ang iba ay nahihirapan din sa modular learning o paggamit ng modules.
- Ayon sa ilang pag-aaral, ang matagalang lockdown ay labis nakakaapekto sa kabuuang development ng mga bata - physical, emotional, mental, psychological, spiritual, at social.

## Artikulo XV (Ang Pamilya), Seksyon 3.2

**"Dapat isanggalang ng Estado ang karapatan ng mga bata na mabigyan ng kalinga, kasama ang wastong pag-aalaga at nutrisyon at natatanging proteksyon sa lahat ng mga anyo ng pagpapabaya, pag-aabuso, pagmamalupit, pagsasamantala at iba pang kondisyong nakapipinsala sa kanilang pag-unlad."**

- Maituturing na pang-aabuso sa mga bata ang pwersahang pagsusuot ng facemask at pananatili lamang sa loob ng bahay, dahil ayon sa siyentipikong ebidensya, ang mga bata ang may pinakakaunting kaso ng COVID-19.
- Hindi nakakatulong sa mga bata kung sila ay kulang sa physical touch tulad ng pagyakap at ang ibang paraan ng pagpapakita ng malasakit na importante sa kanilang mental at emotional health.

# REPUBLIC ACT 11525

## COVID-19 VACCINATION ACT OF 2021

***Approved by Pres. Rodrigo Roa Duterte, February 26, 2021***

## Seksyon 2(C)

**"Kilalanin ang EKSPERIMENTAL na pinagmulan ng BAKUNA PARA SA COVID-19 sa merkado, at bayaran ng danyos ang sinumang makakaranas ng "serious adverse effects" (SAEs) dulot ng bakuna para sa COVID-19."**

- Nakasaad dito na ang bakuna para sa COVID-19 ay EKSPERIMENTAL pa lamang at sumasailalim pa rin hanggang ngayon sa clinical trials.

## Seksyon 8 - Immunity from Liability

**"Sa kabila ng anumang batas na sumasalungat dito, ang mga opisyal at empleyado sa gobyerno, mga contractor, mga manufacturer, volunteer, o mga kinatawan ng mga awtorisadong pribadong na nagsasagawa ng COVID-19 Vaccination Program ay WALANG PANANAGUTAN sa ilalim ng batas ng Pilipinas..."**

- WALANG PANANAGUTAN ang sinumang katuwang sa pagsasagawa ng vaccination programs sa mga tao kung sila man ay makaranas ng adverse effects, o mamatay dahil dito.

## Seksyon 12

**"...ang VACCINE CARDS ay HINDI tinuturing na MANDATORY REQUIREMENT para sa edukasyon, sa trabaho, at sa iba pang katulad na transaksyon sa gobyerno."**

- HINDI MANDATORY ANG PAGPAPABAKUNA. May karapatan tayong tumanggi kapag ayaw natin.

Kung kayo ay naging saksi o kayo ay nakaranas ng anumang crime against humanity (panghuhuli at pagmumulta dahil hindi nakasuot ang facemask at faceshield, namatayan ng mahal sa buhay dahil sa bakuna, nagkaroon ng adverse effects dahil sa bakuna, nawalan ng trabaho o negosyo dahil sa lockdown, biktima ng false positive, pinalabas na namatay sa COVID kahit hindi, tinanggal sa trabaho o nakaranas ng diskriminasyon dahil ayaw magpabakuna, pinagmulta dahil hindi sumunod sa protocols), maaari niyong isangguni sa aming abogado sa Juan Dakila sa contact numbers: 09662165836/09288132771, o maaaring magsend kayo ng private message sa **<u>Juan Dakila</u>** page.